PAHAYAG NA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna para sa Tipus

Ano ang Kailangan mong Malaman?

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna na nakalathala sa Spanish at iba pang wika. Tignan ang www.immunize.org/vis

1 Ano ang tipus?

Ang Tipus (tipus lagnat) ay malubhang lagnat. Ito ay dahil sa bakterya na tinatawag na *Salmonella* Typhi.

Ang tipus ay nagdudulot ng mataas na lagnat, pagkapagod, panghihina, sakit ng tiyan, sakit ng ulo, kawalan ng gana, at minsan ay pantal. Kung hindi ito magagamot, kaya nitong pumatay ng 30% ng mga taong nakakuha nito.

Ang ilang mga tao na nakakuha ng tipus ay nagiging "mga tagapagdala," na nagpapakalat ng sakit sa iba.

Sa pangkalahatan, nagkakaroon ang mga tao ng tipus mula sa kontaminadong pagkain o tubig. Ang tipus ay bihira sa E.U., at karamihan sa mga mamamayan ng E.U. ay nakakukuha ng sakit na ito habang naglalakbay. Ang tipus ay umaatake sa mga 21 milyong tao kada taon sa buong mundo at pumapatay ng mga 200,000.

2 Bakuna para sa tipus

Ang bakuna sa tipus ay nakapipigil sa tipus.

May dalawang bakuna upang mapigilan ang tipus. Ang isa ay hindi aktibo (pinatay) na bakuna na nakuha bilang turok.

Ang isa ay buhay, pinabagal (pinahinang) na bakuna na iniinom (sa pamamagitan ng bibig).

3 Sino ang dapat kumuha ng bakuna at kailan?

Ang sunod-sunod na bakuna sa tipus ay hindi inirerekomenda sa Estados Unidos, ngunit ang bakuna sa tipus ay inirerekomenda para sa:

- Mga naglalakbay sa iba't ibang bahagi ng mundo kung saan karaniwan ang tipus. (TANDAAN: ang bakuna sa tipus ay hindi 100% na epektibo at hindi panghalili upang maging maingat kung ano ang iyong kakainin o iinumin).
- Mga taong may malapit na kontak sa tagapagdala ng tipus.
- Ang mga manggagawa sa laboratoryo na nagtatrabaho sa bakteryang *Salmonella* Typhi.

Hindi aktibong bakuna sa tipus (turok)

- Ang isang dosis ay nagbibigay ng proteksyon. Dapat itong ibigay kahit man lamang mga 2 linggo bago maglakbay upang bigyan ang bakuna ng oras upang gumana.
- Ang kasunod na dosis ay kailangan kada 2 taon para sa mga taong nananatiling nasa panganib.

Buhay na bakuna para sa tipus (iniinom)

- Apat na dosis: isang kapsula kada ikalawang araw sa isang linggo (araw 1, araw 3, araw 5, at araw 7). Ang huling dosis ay dapat ibigay kahit man lamang 1 linggo bago maglakbay upang pahintulutan ang bakuna upang gumana.
- Lunukin ang bawat dosis mga isang oras bago kumain na may malamig o maligamgam na inumin. *Huwag nguyain ang kapsula.*
- Ang kasunod na dosis ay kailangan kada 5 taon ng mga taong nananatiling nasa panganib.

Alinman sa bakuna ay maaaring ligtas na ibigay sa parehong oras kasabay ang ibang mga bakuna.

4 Ang ilang mga tao ay hindi dapat kumuha ng bakuna para sa tipus o dapat maghintay.

Hindi aktibong bakuna para sa tipus (turok)

- Hindi dapat ibigay sa mga bata na wala pang 2 taon ang edad.
- Ang sinumang tao na nagkaroon ng malalang reaksyon sa dating dosis ng bakunang ito ay hindi dapat kumuha ng iba pang dosis.
- Ang sinumang mayroong malalang alerdye sa anumang sangkap ng bakunang ito ay hindi dapat kumuha nito. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malalang mga alerdye.
- Sinumang may katamtaman o malalang karamdaman sa oras na naka-iskedyul ang turok ay dapat karaniwang maghintay hanggang gumaling sila bago kumuha ng bakuna.

Buhay na bakuna para sa tipus (iniinom)

- Hindi dapat ibigay sa mga bata na wala pang 6 na taon ang edad.
- Sinumang nagkaroon ng malalang reaksyon sa dating dosis ng bakunang ito ay hindi dapat kumuha ng isa pang dosis.
- Sinumang may malalang alerdye sa anumang sangkap ng bakunang ito ay hindi dapat kumuha nito. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malalang alerdye.
- Sinumang may katamtaman o malalang karamdaman sa parehong oras ng iskedyul ng bakuna ay dapat karaniwang maghintay hanggang gumaling bago kumuha nito. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang karamdaman sangkot ang pagsusuka o pagdudumi.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

- Sinuman na mahina ang immune system ay hindi dapat kumuha ng bakunang ito. Sa halip ay dapat silang kumuha ng turok sa tipus. Kabilang dito ang sinuman na:
  - may HIV/AIDS o iba pang sakit na nakakaapekto sa immune system,
  - ginagamot ng mga medisina na nakakaapekto sa, tulad ng mga steroid ng 2 linggo o mas mahaba,
  - mayroong anumang uri ng kanser,
  - paggagamot sa kanser na may radyasyon o gamot.
- Ang iniinom na bakuna sa tipus ay hindi dapat ibigay hanggang kahit man lamang mga 3 araw pagkatapos uminom ng tiyak na antibyotiko.

Tanungin ang iyong doktor para sa higit pang impormasyon.

5 Ano ang mga panganib mula sa bakuna para sa tipus?

Katulad ng anumang medisina, ang bakuna ay maaaring magdulot ng malubhang problema, tulad ng malalang alerdyek reaksyon. Ang panganib sa bakuna para sa tipus na nagdudulot ng malubhang pinsala, o pagkamatay, ay napakaliit. Ang malulubhang problema mula sa alinman sa bakuna para sa tipus ay napakabihira.

Hindi aktibong bakuna para sa tipus (turok)

Katamtamang mga reaksyon

- Lagnat (hanggang mga 1 tao sa 100)
- Sakit sa ulo (hanggang mga 1 tao sa 30)
- Pamumula o pamamaga sa lugar ng iniksyon (hanggang mga 1 tao sa 15)

Buhay na bakuna para sa tipus (iniinom)

Katamtamang mga reaksyon

- Lagnat o sakit ng ulo (hanggang mga 1 tao sa 20)
- Sakit ng tiyan, pagduduwal, pagsusuka, pantal (bihira)

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impromasyon so Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

6 Paano kung may malubhang reaksyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Humanap ng anumang alalahanin mo, tulad ng mga palatandaan ng malubhang alerdyek na reaksyon, napakataas na lagnat, o pagbabago ng ugali.

  Mga palatandaan ng malubhang alerdyek na reaksyon na maaaring kabilang ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay magsisimula ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng bakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin ay malubhang aledyek reaksyon ito o iba pang emerhensiya na hindi makapaghihintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang taong iyon sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi naman ay tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksyon ay dapat i-report sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring i-file ng iyong doktor ang report na ito, o maaari mong gawin ito mismo sa website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay para lamang sa pagrereport ng mga reaksyon. Hindi sila nagbibigay ng medikal na payo.

7 Paano ako makakaalam ng higit pang impormasyon?

- Tanungin ang iyong doktor. 1-888-767-4687
- Makipag-ugnayansa Sentro ng Pagkontrol sa Sakit at Pagpigil o Centers for Disease Control and Prevention (CDC)::
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines/vpd-vac/typhoid/default.htm**

Vaccine Information Statement

Typhoid Vaccine

Tagalog

5/29/2012

DCH-1245T
AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

Translation provided by the California Department of Public Health